OPISYAL NA LATHALAIN NG AGRICULTURAL TRAINING INSTITUTE
REGIONAL TRAINING CENTER - CALABARZON

# SIKLAB

IKALABING - APAT NA ISYU

HULYO - DISYEMBRE 2023



SUNDAN SA PAHINA 6

## Tatlong *Young Agripreneurs* ng CALABARZON, Pinagyayaman ang mga Proyektong nabuo mula sa *Youth in Agripreneurship Program*



PAHINA 3
DA-ATI CALABARZON, kauna-unahang inilunsad bilang Tech4ED Center sa ATI Network



PAHINA 11
125 na magniniyog sa CALABARZON, bumisita sa coco-based enterprises sa Quezon



PAHINA 5
Kauna-unahang pagsasanay sa produksyon ng sorghum sa CALABARZON, layong itaguyod ang industriya

# MGA NILALAMAN


**3** DA-ATI CALABARZON, kauna-unahang inilunsad bilang *Tech4Ed Center* sa *ATI Network*

Mga produkto ng magniniyog, tampok sa pagsasanay para sa mga magniniyog ng Batangas

**4** De-kalidad na produkto ng mga magsasaka at kaalaman sa pagtatanim, tampok sa KADIWA ng DA-ATI CALABARZON

3 Radyo Eskwela, inihatid ng DA-ATI CALABARZON; kinilalang '*Best Implementer*' sa bansa

**5** Kauna-unahang pagsasanay sa produksyon ng *sorghum* sa CALABARZON, layong itaguyod ang industriya

11 *interns* ng YSGOF, tumanggap ng *start-up funds*

**6** Tatlong *Young Agripreneurs* ng CALABARZON, Pinagyayaman ang mga Proyektong nabuo mula sa *Youth in Agripreneurship Program*

**9** Sining ng pagiging tekniko: Ang kwento ni Randy Leonido tungo sa agrikultura at adhikaing makatulong sa magsasaka

**11** 125 na magniniyog sa CALABARZON, bumisita sa *coco-based enterprises* sa Quezon; nagtapos sa *coconut farm business school*

Pagbuo ng konkretong *feasibility study*, binigyang-pansin sa pagsasanay para sa 20 ABEs



## Patnugutan

Mga Tagapayo:
Rolando V. Maningas, PhD
Sherylou C. Alfaro

Punong Patnugot:
Maridelle G. Jaurigue

Katuwang na Patnugot:
Archie C. Linsasagin

Mga Manunulat:
Maridelle G. Jaurigue
Janine L. Cailo
Hans Christopher C. Flores
Archie C. Linsasagin
Jene Michelle D. Macalagay

Tagalapat:
Jenica Krystel Nueva

ISSN: 2799-077X



Opisyal na lathalain ng Agricultural Training Institute Regional Training Center - CaLaBaRZon

SIKLAB

*Ang pahayagang ito ay naglalaman ng impormasyon ukol sa mga pagsasanay at iba pang gawaing pang-ekstensyon na isinagawa ng Department of Agriculture - Agricultural Training Institute CALABARZON sa loob ng isang semestre. Maaaring magbigay ng komento o suhestyon sa opisyal na email: rtc_calabarzon@ati.da.gov.ph*

TRUNKLINE: (049) 419-0210 WEBSITE: ati2.da.gov.ph/ati-4a E-mail: rtc_calabarzon@ati.da.gov.ph @aticalabarzon

## DA- ATI CALABARZON, kauna-unahang inilunsad bilang TEch4Ed Center sa ATI Network

*Maridelle Jaurigue*

TRECE MARTIRES CITY, Cavite - Kamakailan ay inilunsad ang *e-Extension Hub* ng *DA-Agricultural Training Institute (ATI)* CALABARZON bilang isa sa pinakabagong *Tech4ED (Technology for Education, Employment, Entrepreneurs, and Economic Development Project) Center ng DICT (Department of Information and Communications Technology) IV*, at una sa *ATI network*.

Nilagdaan ng mga pinuno ng dalawang ahensya, *Regional Director* Cheryl Ortega ng DICT IV, at Dr. Rolando V. Maningas, *Center Director* ng DA-ATI CALABARZON, ang *Memorandum of Understanding* noong ika-25 ng Oktubre sa isang seremonya ng paglulunsad.

Ani CD Maningas, "Masaya kami sa panibagong *partnership* na ito dahil iisa ang ating bisyon at layunin na palakasin ang kakayahan ng sektor ng agrikultura at pangisdaan tungkol sa *digital agriculture* at *digital literacy*, at amin silang mapagsilbihan sa abot ng aming makakaya."



Ilan sa mga serbisyong nakapaloob sa *Tech4ED* ay ang *eGovServ* para sa *access* sa *government transactions* kabilang ang aplikasyon sa pagkuha ng *birth certificate, driver's license*, at *NBI clearance; eEduskills* para sa pag-*access* ng mga kurso online kasama ang *Alternative Learning System* at mga kurso sa TESDA; at *eAssist* na naglalayong mapabuti ang *financial* at *digital literacy* ng mga Pilipino.

Maaaring bisitahin ang *Tech4ED Center* ng DA-ATI CALABARZON mula alas-8:00 ng umaga hanggang alas-5:00 ng hapon, mula Lunes hanggang Biyernes. Matatagpuan ito sa Barangay Lapidario, sa lungsod na ito.

## Mga produkto ng magniniyog, tampok sa pagsasanay para sa mga magniniyog ng Batangas

*Janine Cailo*

PADRE GARCIA, Batangas – Tampok ang iba't ibang produkto mula sa niyog sa tatlong araw na pagsasanay na *Empowering Coconut Communities through High-Value Utilization: Training on Coconut-Based High-Value Food Products and Coconut Shell Crafts* na pinangasiwaan ng MoCa Farm RLearning Center, Inc. noong ika-13 hanggang ika-15 ng Disyembre, 2023.

Aktibong lumahok ang 27 na mga magniniyog mula sa iba't ibang bahagi ng lalawigan ng Batangas sa tatlong araw na pagsasanay na layong mabigyan ng kalaaman, kasanayan, at mga mapagkukunan ng kagamitan ang mga kalahok ukol sa pagbibigay-dagdag na halaga sa paggamit ng niyog sa pagkain at sining, at ibang mapaggagamitan.

Naging pokus ng pagsasanay ang paggawa ng mga produkto mula sa niyog, pagkaing may lumpiang buko na may *coco-infused vinegar dip*, at paggawa ng sining, gamit ang bao ng niyog.

Nagsilbing tagapagtalakay sina Bb. Madelene D. Dupale at G. Jose B. Bañares na nagbahagi ng mga kaalaman sa mga kalahok.

Isa ang MoCa Family Farm RLearning Center, Inc. sa mga *Private Agriculture and Fisheries Extension Service Provider* (PAF-ESP) ng DA-ATI CALABARZON.



## De-kalidad na produkto ng mga magsasaka at kaalaman sa pagtatanim, tampok sa KADIWA ng DA-ATI CALABARZON

*Janine Cailo*



TRECE MARTIRES CITY, Cavite – Katuwang ang *Agribusiness and Marketing Assistance Division* (AMAD) ng *Department of Agriculture - Regional Field Office* (DA-RFO) IV-A at ang mga kooperatiba ng mga magsasaka sa Cavite, idinaos muli ng *DA-Agricultural Training Institute (ATI)* CALABARZON ang KADIWA *Retail Selling* para sa ikatlong *quarter* ng taon, tampok ang mga produkto ng mga magsasaka at kaalaman sa pagtatanim.

Ang KADIWA *Retail Selling* ay isa sa mga inisyatibo ng Kagawaran ng Pagsasaka na naglalayon na mapalapit sa mga mamimili ang sariwang gulay, prutas, gatas, at iba pang produkto ng mga magsasaka sa abot-kayang halaga.

Bukod sa mga murang bilihin, nagkaroon din ng talakayan tungkol sa *urban agriculture*, kasama si Bb. Melinda Mondoñedo ng DA-*Bureau of Plant Industry-National Crop Research, Development and Production Support Center* kung saan ibinahagi niya ang mga karaniwang *herbs and spices*, iba't ibang gamit nito, at maging ang mga pamamaraan kung paano magsimula ng *edible landscapping.*

Dinaluhan ito ng 50 na mga kalahok mula sa iba't ibang bahagi at institusyon sa Trece Martires City. Samantala, upang mas maging mas makabuluhan ang gawain, namahagi rin ng binhi at libreng babasahin ukol sa pagtatanim sa mga nakilahok sa KADIWA.

Isinagawa ito noong ika-26 ng Setyembre, 2023, sa DA-ATI CALABARZON *Compound.*

## 3 Radyo Eskwela, inihatid ng DA-ATI CALABARZON; kinilalang 'Best Implementer' sa bansa

*Jene Michelle Macalagay*

CALABARZON – Sa unang pagkakataon, tatlong Radyo Eskwela o *School-on-the-Air* (SOA) Program tungkol sa iba't ibang gawain at produktong pang-agrikultura ang inihatid ng DA-*Agricultural Training Institute* (ATI) - CALABARZON sa loob ng 2023.

Nakapagtala ito ng mahigit 3,000 mga nagsipagtapos mula sa iba't ibang bayan at mga organisasyon sa buong rehiyon. Kinilala rin ang ahensya bilang *Best School-on-the-Air Implementer* sa ginanap na *Knowledge Management (KM) Updates* noong ika-5 ng Disyembre, sa Tupi, South Cotabato.

Matapos ang 10-linggong pagsasahimpapawid ng mga aralin ukol sa produksyon ng niyog, nagtapos na ang 555 mga magniniyog sa lalawigan ng Quezon para sa *Masaganang Coco-buhayan: School-on-the-Air (SOA) on Coconut Production and Processing* na ginanap sa Quezon Convention Center, Setyembre 20.

Nagsimulang umere ang programa noong ika-25 ng Mayo hanggang ika-28 ng Hulyo 2023. Naging katuwang naman sa pagsasakatuparan nito ang PCA Region IV, kasama ang *Office of the Provincial Agriculturist* (OPA) ng Quezon at mga *coordinator* ng 12 lokal na pamahalaan sa lalawigan.

Samantala, nagtapos ang 325 na mga mag-aalaga at maggagatas ng kalabaw sa *School-on-the-Air on Dairy Buffalo Production* o mas kilala na "*CaraWOW! Radyo Eskwela sa Gatasang Kalabaw*" noong ika-13 ng Oktubre sa Baker Hall, University of the Philippines Los Baños, Laguna.



Nagmula sa 10 lokal na pamahalaan sa iba't ibang bahagi ng rehiyon ang mga nagsipagtapos sa programa, kung saan naging katuwang ang *Philippine Carabao Center* (PCC) sa UPLB.

Noong ika-20 ng Oktubre naman, nagtala ang "*Palay-Aralan: Makabagong Pagsasaka sa Himpapawid*" o *School-on-the-Air on Smart Rice Agriculture* (SOA-SRA) ng 2,516 na mga nagsipagtapos mula sa iba't ibang lokal na pamahalaan, State Universities and Colleges (SUCs), mga yunit ng *National Irrigation Administration* (NIA), at iba pang organisasyon mula sa limang lalawigan ng CALABARZON. Ginanap ang seremonya sa *Provincial Government of Laguna – Calamba Extension Office*.

Matagumpay na nakumpleto ng mga kalahok ang 16 na araw na pag-aaral mula Hulyo hanggang Agosto 2023.

Isa ang SOA sa mga inisyatiba ng DA-ATI upang makapaghatid ng angkop na *extension services* sa mga magsasaka at mangingisda sa pamamagitan ng distance learning.

## Kauna-unahang pagsasanay sa produksyon ng sorghum sa CALABARZON, layong itaguyod ang industriya

*Archie Linsasagin*



TRECE MARTIRES CITY, Cavite – Bilang bahagi ng unang hakbangin sa muling pagtataguyod ng industriya sa rehiyon, nagsagawa ang DA-ATI CALABARZON ng kauna-unahang pagsasanay sa produksyon ng *sorghum* mula ika-6 hanggang ika-8 ng Setyembre sa *DA-ATI CALABARZON Compound.*

Ilan sa mga binigyang-pansin ang importansya ng produksyon ng *sorghum* bilang alternatibong pakain o panlahok sa pakain sa mga alagang hayop, gayundin kung paano ito paramihin at pamamahala ng iba't ibang peste at sakit.

Ang *sorghum* ay uri ng halamang-butil na mayaman sa protina at *carbohydrates* at kilala sa pagiging matatag nito sa tagtuyot at iba pang *field stresses.*

Sa pamamagitan ng pagpapalakas sa lokal na produksyon nito, inaasahang makapagbibigay ito ng alternatibong pamamaraan at dagdag-kita sa mga magsasaka o *value-adding.*

"*[The] speakers are very knowledgeable of their topic about sorghum production and the discussion is very efficient. We really learned a lot in sorghum production* na maise-*share* namin sa *officemates*, at mga *farmers*," pahayag ni Geraldine Marie O. Dimaano, kahalok mula sa Tanauan City, Batangas.

Pinangunahan ng *Career Development and Management Section* (CDMS) ng DA-ATI CALABARZON ang pagsasanay, kung saan naging katuwang sa pagsasagawa nito ang DA-*Regional Field Office* (RFO) IV-A, UPLB *Institute of Plant Breeding* (IPB), at DA-*Regional Crop Protection Center* (RCPC) IV-A.

## 11 interns ng YSGOF, tumanggap ng start-up funds

*Hans Christopher Flores*

STA. MARIA, Laguna – Bilang pakikiisa sa selebrasyon ng *National Organic Agriculture Month*, nagsagawa ang DA-Agricultural Training Institute (ATI) CALABARZON ng kulminasyon para sa youth scholarship program o ang "*Nurturing Futures: The Youth Scholarship Grant on Organic Farming (YSGOF) Culminating Activity*" sa Sweet Nature Farms, Brgy. Macasipac sa Laguna, Nobyembre 27.

Pinangunahan ni Bb. Sherylou C. Alfaro, *OIC-Assistant Center Director* ng DA-ATI CALABARZON ang seremonya ng paggawad ng PhP 150,000.00 na halaga ng *start-up funds* ng labing-isang (11) *interns* o grantees sa ilalim ng nasabing programa.

Dumalo at nagbigay ng mensahe ang mga mentor na sina G. Reden F. Costales mula sa Costales Nature Farms, Bb. Rizalie Galang mula sa MARIWSKA Integrated Farms, Bb. Alicia Valdoria mula sa Yumi's Farm, at G. Ian Hinay na kumatawan kay G. Eduardo Cleofe mula sa Luntiang Republika Eco Farms.

Dumalo rin sa nasabing gawain at nagpahayag ng suporta sina G. Arthur Almario, *concurrent City Agriculturist* mula sa San Pablo City at G. Edmar Lardizabal mula naman sa *Office of the Municipal Agriculturist* ng Mabitac, Laguna.

Katuwang ang *National Organic Agriculture Board* (NOAB), isinagawa ng DA-ATI CALABARZON ang nasabing 21-buwang *internship program* na idinisenyo upang linangin ang mga nahihilig sa organikong pagsasaka.

Partikular na iniakma para sa mga kabataan, ang programa ay maglalagay sa kanila sa isang komprehensibong karanasan sa "buhay ng magsasaka". Bahagi rin ng programa ang *hands-on* na pagsasanay sa mga organikong kasanayan.

Opisyal na inilunsad ang programa noong Marso 30, 2023, kasunod ng paglagda ng isang *Memorandum of Agreement* (MOA) kung saan ang DA-ATI CALABARZON ang mangangasiwa sa programa para sa 11 *interns*.





# Tatlong Young Agripreneurs ng CALABARZON, Pinagyayaman ang mga Proyektong Nabuo mula sa Youth in Agripreneurship Program

*Maridelle Jaurigue*

Taong 2021, inilunsad ng *Agricultural Training Institute* (ATI) ang *Youth in Agripreneurship Program* (YAP) sa tatlong rehiyon, kabilang ang CALABARZON. Layunin ng YAP na palakasin ang kakayahan ng makabagong henerasyon ng magsasaka upang maging agripreneurs at maging katuwang sila sa pag-unlad ng agrikultura sa kanilang mga komunidad.

Ang YAP ay may *training component* kung saan ang mga paksa ay nakadepende sa lebel ng kaalaman at kasanayan ng mga kabataang kalahok. Ito ay nahahati sa tatlong kategorya: *beginner, intermediate,* at *advanced level*.

Samantala, isa sa mga *output* ng pagsasanay ay ang *agribusiness proposal* na ilalahad ng mga kalahok sa panel ng mga hurado sa isang *agribusiness pitching session*. Pipili ang hurado ng tatlong mananalo sa bawat kategorya, base sa *sustainability* at *feasibility* ng proyekto. Sa CALABARZON, sa pangunguna ng DA-ATI CALABARZON, tatlong kabataan ang namamayagpag at patuloy na pinagsusumikapan ang kanilang nakuhang suporta mula sa ATI upang simulan ang kanilang mga pangarap na agribusiness.









### *Humble Harvest:* ***Hydroponics Lettuce Production*** **ni Nadia Ona**

Sa ilalim ng *intermediate level,* isa ang *agribusiness proposal* ni Nadia Kristina Ona, may-ari ng Fork and Spade Farm at tubong Ibaan, Batangas, sa napili upang mapondohan at kanyang maisakatuparan.

"Ang tagal ko na pong pangarap na magkaroon ng *greenhouse* at makapagsimula ng *hydroponics production*. Ang Young Agripreneurship Program (YAP) sa pamamagitan ng grant ang nag-*materialize* ng aking dream," aniya.

Sa pagdalo sa mga pagsasanay sa DA-ATI CALABARZON, nalaman niya ang tungkol sa YAP. Aniya, isa sa mga paksang tumatak sa kanya ang *production planning.* Ito ang nakatulong sa kanya na maintindihan ang tamang proseso ng pagpaplano at pamamahala sa kanyang farm, lalo na at siya ay mula sa *field* ng *finance* at *accounting*.

Sa kanyang proyektong "*Humble Harvest: Hydroponics Lettuce Production*," mahalaga aniya ang araw-araw na pagbisita o pag-*monitor* ng *hydroponics setup* upang i-*adjust* ang *growing conditions* at gumanda ang *harvest*.

Pagbabalik-tanaw ni Nadia sa kanyang pagsisimula noon sa *farming*, "Na-*discover* ko po ang *passion* ko *for farming* nu'ng nakabasa po ako ng isang *article* tungkol sa isang *mailman* na si Mr. Grover Rosit na naging *cacao farmer.* Doon po napukaw ang isip ko na maaari palang mag-*transition from one career to your passion*."



### *Talipa Farms:* ***Hydroponics Lettuce Ice Cream*** **ni Jairo Rabano**

Samantala, isa rin sa nagsusumikap upang magtagumpay sa larangan ng agrikultura ay si Jairo Rabano, mag-aaral ng *BS Agriculture* sa University of the Philippines Los Baños na tubong Tiaong, Quezon.

Noon pa lamang ay hilig na ni Jairo ang pagtatanim ng iba't ibang halaman at prutas sa kanilang bakuran. Dahil dito, nagka-interes siyang sumali sa pagsasanay ng YAP na kanyang nalaman mula sa *Facebook post* ng DA-ATI CALABARZON.

Pagbabahagi ni Jairo, "Mula sa programang 'yun ay natutunan ko kung paano gawing isang *business venture* ang aking hilig at kumita mula dito."

Dagdag pa niya, "Bukod pa riyan, natutunan ko na makilahok o makiugnay sa iba pang kabataan na tulad ko na nagnanais magkaroon ng *business* mula sa mga pagtatanim o ibang mga *field* o pag-aagrikultura."

Ang kanyang proyektong "*Talipa Farms: Hydroponic Lettuce Ice Cream*" ay bunga ng kanyang pagkahilig sa pagtatanim ng *lettuce* at pagkain ng *ice cream.* Kuwento pa ni Jairo, nakita niya ang kahalagahan na ma-*promote* ang pagkain ng gulay o *lettuce* dahil hindi likas sa mga bata at ilang matanda ang pagkain ng gulay. Dahil na rin sa mainit na klima sa Pilipinas at pagkahilig ng mga tao sa pagkain ng *ice cream*, naisip niyang pag-ugnayin ang dalawa.



### *Wood Vinegar Production* **ni Cherish Belamide Del Rosario**

Pagmamay-ari ni Cherish ang Little Neoh Rabbitry Integrated Farm na matatagpuan sa Silang, Cavite. Kabilang si Cherish sa mga magsasaka na nakasentro lamang sa produksyon. Ngunit nang magsanay siya sa ilalim ng YAP, natuto siyang bumuo ng plano para sa kanyang pagsasaka at siguruhin na mayroon siyang kita.

"Nalaman ko mula sa YAP *training* na dapat pala may *financial statement, financial stability*, at kailangan ng plano para sa bawat gagawin mo. Bukod sa pagsasaayos ng *business permits* at tamang *filing* ng *taxes*, tin-uruan din kami kung paano makagawa ng magandang *packaging* ng mga produkto namin. Sa tulong ng YAP, nagkaroon kami ng *mindset* ng isang *agripreneur*," pahayag niya.

Para sa kanyang binuong proyekto, nag-isip si Cherish ng inobasyon upang mapakinabangan pa ang *coffee waste* sa kanilang taniman ng kape. Dito nag-ugat ang *Mokusaku* o *Wood Vinegar Production*.

Pagbabahagi pa ni Cherish, nagre-*rehabilitate* sila ng mga puno ng kape dahil ito ay nasa edad 50-60 taon na. "Kailangan nang pabatain dahil umuunti na ang bunga. 'Yung mga nakukuha naming *coffee trees* at *trunks*, kasama ang pinagbalatan ng bunga ng kape ay iniipon namin upang ilagay sa *chamber* ng pugon."

Pagkatapos ay sasaraduhan ito at sisindihan upang magkaroon ng usok at i-*trap* ito doon sa *chamber*. Matapos dumaan sa *condensation process*, makakapag-produce ito ng *liquid smoke* na tinatawag na *Mokusaku*.

## Inspirasyon ng mga Kabataan





Ang kwento ng tagumpay nina Nadia, Jairo, at Cherish ay patunay na malaki ang potensyal ng magandang kabuhayan sa sektor ng agrikultura.

Payo ni Cherish sa mga nagnanais na umunlad sa sektor na ito, "Ituloy n'yo lang kasi talagang may kita sa *agriculture*. Sabi nga, hindi lang sa pagtatanim talaga tayo kikita: Kailangan marunong tayo na mag-plano kung ano ba talaga 'yung pupuntahan natin, ano ba talaga 'yung produkto na gusto natin, ano ba talaga 'yung makakatulong hindi lang para sa atin, kun'di para sa *community* natin, at para sa kalikasan natin."

Lubos naman ang pasasalamat ni Jairo sa DA-ATI CALABARZON at sa YAP na naging inspirasyon aniya upang makapagtapos sa programa at pagsasanay.

"Magpatuloy lang sila sa kanilang mga ginagawang pang-agrikultura at maging uhaw sa kaalaman at makakatulong din sa kanila upang mas palaguin 'yung kanilang mga naiisip na negosyong pang-agrikultura," dagdag pa ni Jairo.

Samantala, bilang mensahe ni Nadia sa mga kabataan na gustong maging *young agripreneur*, "Talagang mag-*invest* po sa *network*, maki-*tie* up po tayo sa ATI, sa DA, sa ating mga *local agriculturist*, dahil malaki ang maiaambag nila sa ating kaalaman sa mga *resources* at sa mga *networks* and contacts. Talagang maging *resourceful* po tayo dahil maraming *available* sa 'tin na p'wedeng gamitin, p'wedeng i-*reach out for help* and unti-unti din nating mabubuo ang ating pangarap."

## MGA TESTIMONYA

**Ang tagal ko na pong pangarap na magkaroon ng *greenhouse* at makapagsimula ng *hydroponics production*. Ang *Young Agripreneurship Program (YAP)* sa pamamagitan ng *grant* ang nag-*materialize* ng aking *dream*.**

***| Nadia Ona***

**Natutunan ko na makilahok o makiugnay sa iba pang kabataan na tulad ko na nagnanais magkaroon ng *business* mula sa mga pagtatanim o ibang mga *field* o pag-aagrikultura**

***| Jairo Rabano***

**Bukod sa pagsasaayos ng *business permits* at tamang *filing* ng *taxes*, tinuruan din kami kung paano makagawa ng magandang *packaging* ng mga produkto namin.**

***| Cherish Belamide Del Rosario***







# *Sining ng Pagiging Tekniko: Ang kwento ni Randy Leonido tungo sa agrikultura at adhikaing makatulong sa magsasaka*

*Hans Christopher Flores*

Kilala ang bayan ng Lucban, Quezon bilang sentro ng sining sa lalawigan. Bukod dito, masigla rin ang mga gawaing pang-agrikultura sa bayan. Sa katunayan, nagsasama sa iisang selebrasyon ang sining at agrikultura sa Lucban sa pamamagitan ng makulay na taunang *Pahiyas Festival*. Alinsunod ito sa Pista ni San Isidro Labrador, ang patron ng mga magsasaka, bilang pagbibigay-pugay sa masaganang ani.

Ngunit higit dito ang pagnanais ni Randy Leonido, isang tekniko sa agrikultura, na makilala ang Lucban, hindi lamang bilang tahanan ng sining at ng *Pahiyas Festival,* – kundi pati na rin sa masaganang pagsasaka.

Si Randy, o Kuya Randy sa mga nakasasalamuha niya, ay lumaki sa isang pamilya ng magsasaka. Aniya, "Bata pa lang katuwang na ako ng aking mga magulang sa pagsasaka. Tuwang-tuwa ako kapag nakikita ko na lumalaki 'yung mga tinanim ko at naibebenta ko."

Nang magtapos siya sa mataas na paaralan, nagpatuloy sa kolehiyo at kumuha ng kursong may kinalaman sa agrikultura. Matapos ang apat na taon ay natapos niya ang kursong *Bachelor in Agricultural Technology.*

Sa kanyang puso, nais niyang magsilbing haligi ng kanyang komunidad sa pamamagitan ng pagtulong sa kanilang magsasaka upang mapadali at mapaunlad ang kanilang kabuhayan.

## *Mga Pagsasanay ng Isang Tekniko*

"Malaki pong bagay sa akin 'yung mga pagsasanay na aking nilahukan sa DA- *Agricultural Training Institute* CALABARZON, lalo na po 'yung *AgRiDoc* na kung saan itinuro sa akin kung paano maging isang tunay na tekniko. Kami ay nakisalamuha sa mga magsasaka at tumira sa kanila ng ilang araw at pinag-aralan ang sitwasyon nila."

Nakita ko po na hindi pala biro ang trabaho ng isang magsasaka at doon din naantig ang aking damdamin. Kaya naman nagkaroon ako ng interes na pagbutihin ang aking trabaho," dagdag pa niya. Napabilang din si Kuya Randy sa mga nagsanay sa *Training of Trainers* o TOT tungkol sa *Rice, Inbred Seeds, at Mechanization* ng *Rice Enhancement Competitiveness Enhancement Fund* o RCEF.

## *Landas sa Pagiging Tekniko*

Nagsimula ang trabaho ni Kuya Randy nang matanggap siya sa Opisina ng Pambayang Agrikultor. Noong una ay nagsilbi siya bilang *job order employee* sa nasabing tanggapan. Ang pagsasaayos ng mga dokumento ang kanyang naging unang trabaho. Nang lumaon, nagsimula na siyang isama ng kanyang mga katrabaho kapag sila ay nagsasagawa ng mga pagbisita sa mga sakahan sa iba't ibang barangay sa Lucban. Makalipas ang ilang taon, pinalad si Kuya Randy na makakuka ng regular na posisyon at dito na nga nagsimula ang bagong yugto sa kanyang buhay. Muling nanumbalik sa kanyang isipan ang kanyang pangarap na makatulong sa mga magsasaka sa kanilang bayan.

Aniya, "Bilang isang *technician*, kami 'yung nagbibigay ng *intervention* mula sa aming lokal na pamahalaan at nagbibigay ng mga pagsasanay sa mga makabagong makinarya at pamamaraan sa pagsasaka."

## *Bilang Tekniko ng Rice Competitiveness Enhancement Fund o RCEF*

Taong 2018 nang isinabatas ng pamahalaan ang *Rice Competitiveness Enhancement Fund* o RCEF na isang programa na itinatag upang suportahan at mapabuti ang sektor ng palay sa bansa. Layunin ng RCEF na mapalakas ang kakayahan ng mga magsasaka na maging mas produktibo at kumita nang maayos sa pamamagitan ng pagbibigay ng suporta sa iba't ibang aspeto ng produksyon ng palay.

Nagsagawa sina Kuya Randy ng *Farmer Field School* (FFS) sa iba't ibang barangay sa kanilang bayan kung saan tinuruan nila ang mga magsasaka ng mga makabagong tuklas na teknolohiya sa pagtatanim ng palay.

"Nang magsimula ang RCEF, agad kong ginampanan at ibinahagi sa mga magsasaka 'yung mga makabagong pamamaraan sa pagpili ng malulusog na punla, paghahanda ng lupang taniman, kahalagahan ng sabayang pagtatanim, paglalagay ng sapat na sustansya o tamang pag-aabono, pangagasiwa sa sapat na patubig, pagpuksa sa kaaway na kulisap, pangangalaga sa kaibigang kulisap, proseso sa tamang pag-aani, at pamamaraan sa wastong pag-iimbak ng palay," aniya.
Sa kasalukuyan, mahigit 1,200 na ang mga magsasaka mula sa dalawampu't dalawang barangay ng Lucban ang sumailalim sa kanilang FFS sa tulong na rin ng *Technical Education and Skills Development Authority* (TESDA) at RCEF.

"Sa tulong ng mga programa ng RCEF, nagkaroon kami ng mga makinarya na ginagamit ng aming samahan upang maibsan ang hirap ng kanilang gawain sa pagsasaka. Patuloy rin ang aming pamamahagi ng libreng pananim at pataba. Dahil naturuan namin sila sa tamang pangangalaga ng palay, lumiit ang kanilang gastos, nadagdagan pa ang kanilang kinikita dahil tumaas ang kanilang ani," pagbabahagi ni Kuya Randy.

## *Mga Kinaharap na Pagsubok*

Hindi biro ang nakaatang na responsibilidad kay Kuya Randy bilang isang tekniko. Sa kabila ng pagmamahal niya sa kanyang gawain, hindi pa rin maiiwasan ang hindi maharap sa mga pagsubok.

"Isa sa mga pagsubok na kinakaharap namin ngayon bilang tekniko ay ang pagbibigay ng payo sa aming magsasaka tungkol sa kanilang itatanim. Ngayong nakakaranas na kami ng pabago-bagong panahon o 'yung *climate change,* nahihirapan na talaga sila dahil hindi pa sila maka-adapt sa nakagisnan nilang season ng pagtatanim," pahayag niya.

Dagdag pa ni Kuya Randy, "Pangalawa naman ay 'yung ibang ugali ng aming *farmers*, hindi na rin naman bago ito sa aking mga kasamahan sa larangan na sasabihan ka nila ng hindi maganda o kaya hindi nila susundin 'yung mga payo na ibinigay namin. Pero ganu'n pa man iniintindi ko na lang sila, dahil alam naman natin na hindi madaling baguhin 'yung madalas nilang nakagisnan na gawain. Kaya nga nu'ng nagsagawa kami ng mga FFS nakita nila na may pagbabago nga sa kanilang mga palayan."

## *Tagumpay bilang Tekniko*

Taong 2019 nang mabigyan ng parangal si Kuya Randy bilang "Natatanging Kaagapay na *Agricultural Extension Worker*" sa Pambayang Kategorya sa *Rice Program* noong ATIng Parangal. Ito ay idinaraos ng DA-ATI CALABARZON tuwing ikatlong taon upang magbigay ng parangal sa mga tekniko sa CALABARZON sa kanilang natatanging ambag sa larangan ng pagsasaka sa rehiyon.

## *Mensahe sa Kapwa Tekniko*

Naniniwala si Kuya Randy na sa pamamagitan ng pagiging tapat sa kanilang responsibilidad bilang mga tekniko, kahit sa pinakamaliit na bagay o tungkulin, darating ang panahon na sila ay mamamahala sa mas malaking bagay, kaya nararapat lamang na patuloy na mag-aral at subukan na dagdagan pa ang kaalaman para mapaunlad pa ang kaisipan at upang mas maging matagumpay bilang tekniko.

"Para sa mga kapwa ko tekniko, ako'y nagpapasalamat sa inyo dahil kayo ay patuloy sa magandang gawain. Huwag sana kayong sumuko o mawalan ng pag-asa, tuloy-tuloy lang tayo sa kabila ng kahirapan, ating isipin na huwag tayong masanay o dito lang tayo," mensahe niya sa mga kapwa tekniko.

Sa ngayon, patuloy si Kuya Randy na nagbabahagi ng kanyang kaalaman sa mga magsasaka sa Lucban. Bagama't ang pagiging isang tekniko ay isa sa mga mahirap na trabaho, mapalad ang mga nakadadaupang-palad niya dahil may mga taong pinili ang ganitong sining, at patuloy pa itong pinapanday, upang matulungan ang mga magsasaka na mapaunlad ang kanilang pag-aagrikultura tungo sa mas masagana at makulay na kabuhayan.

**"Para sa mga kapwa ko tekniko, ako'y nagpapasalamat sa inyo dahil kayo ay patuloy sa magandang gawain. Huwag sana kayong sumuko o mawalan ng pag-asa."**

**-Randy Leonido**



## 125 na magniniyog sa CALABARZON, bumisita sa coco-based enterprises sa Quezon; nagtapos sa coconut farm business school

*Archie Linsasagin*

QUEZON PROVINCE – Isinagawa ng *Department of Agriculture - Agricultural Training Institute* (DA-ATI) *Regional Training Center* CALABARZON ang "*Enriching Knowledge and Building-up Networks on Coconut Farm Business School (Farmer Level): A Culminating Activity*," kung saan binisita ng mga kalahok na magniniyog ang ilang negosyo at samahang pangkabuhayan sa pagniniyog (*coco-based enterprises*) sa lalawigan ng Quezon noong Disyembre 13.

Nagsimula ang *benchmarking activity* sa D' Farm Agricultural Plantation Inc. sa Sampaloc, Quezon. Kilala ang D' Farm sa malawak na produksyon ng *dwarf variety* ng niyog.

Kasama ng DA-ATI CALABARZON ang 125 na mga kalahok na magniniyog na mula sa mga bayan ng San Juan, Batangas; Pagsanjan, Laguna; San Francisco, San Antonio, at Quezon, Quezon.



Hinati ang mga kalahok sa apat na grupo at nagtungo sa mga *coconut-based enterprises* gaya ng Pasciolco Agriventures (Tiaong, Quezon), Greenlife Coconut Products Phils., Inc. (Tayabas City), Samahan ng Magniniyog at Maglalambanog sa Ibabang Nangka at Wakas (Tayabas City), at Alyansang Pangkabuhayan ng Lucena City.

Nagkaroon ang mga kalahok ng pagkakataong ibahagi sa ibang magniniyog ang mga dagdag kaalaman na nakuha mula sa mga pinuntahang *coconut enterprises*.

Bahagi rin ng nasabing gawain ang paggawad ng katibayan ng pagtatapos sa 125 na mga kalahok sa Ouan's Worth Farm & Family Resort sa Lucena City na ginanap noong Disyembre 14.

Isa ang *coconut FBS* sa mga programang pangkasanayan sa ilalim ng *Coconut Farmers and Industry Development Plan* (CFIDP) na naglalayong ipakilala sa mga kalahok ang mga gawain at teknolohiya ng mga matagumpay na negosyo o kabuhayan mula sa pagniniyog.

Naisakaturapan ang aktibidad sa pangunguna ng *Planning, Monitoring, and Evaluation Unit* (PMEU) ng DA-ATI CALABARZON.

## Pagbuo ng konkretong feasibility study, binigyang-pansin sa pagsasanay para sa 20 ABEs

*Janine Cailo*

TRECE MARTIRES CITY, Cavite — Nagsagawa ng "*Specialized Training Course on the Preparation of Feasibility Study for Agricultural and Fisheries Facility and Mechanization Program*" ang DA-*Agricultural Training Institute* (ATI) CALABAZON na dinaluhan ng dalawampung (20) *Agricultural Biosystems Engineers* (ABEs) mula sa iba't ibang bayan sa CALABARZON at mga kawani ng DA-*Regional Field Office* (RFO) IV-A at DA-*Bureau of Agricultural and Fisheries Engineering* (BAFE).

Idinaos ang pagsasanay sa DA-ATI CALABARZON mula ika-26 hanggang ika-29 ng Setyembre, 2023, sa pangunguna ng *Partnership and Accreditation Section* (PAS) ng ahensya, katuwang ang BAFE.

Layunin ng pagsasanay na dagdagan ang kaalaman at kasanayan ng mga kalahok sa pagbuo ng isang konkretong *feasibility study* para sa kanilang mga bayan.

Pormal na binuksan ang pagsasanay sa pamamagitan ng isang mensahe ni Bb. Sherylou C. Alfaro, *OIC-Assistant Center Director* ng DA-ATI CALABARZON at ni Engr. Allan C. Goleng, Engineer IV mula sa *Engineering Plans, Design and Specification Division* ng BAFE.



Naging tagapagtalakay sa unang araw ang mga eksperto mula sa DA-*Philippine Rural Development Project* (PRDP) na sina Bb. Ma. Malena V. Vasquez at G.

Sa mga sumunod na araw naman, naging tagapagtalakay ang mga mula sa BAFE na sina Engr. Goleng, Engr. Alexander Nicole L. Tan, at Engr. Dexter E. Fulgar.

Kabilang sa naging mga paksa ang mga *Financial Analysis, Economic Analysis, FS-making Software, Generating and Interpreting Financial Statements and Ratios with Break-even Analysis, Life Cycle Cost Analysis,* at *Evaluating Feasibility Studies.*

Sa pagtatapos ng pagsasanay, nagpaabot ng pangwakas na mensahe si Dr. Rolando Maningas, *Center Director* ng DA-ATI CALABARZON.

Department of Agriculture
**Agricultural Training Institute**
**Regional Training Center**
**CALABARZON**

8578 Camerino St., Brgy. Lapidario
Trece Martires City, Cavite

(046) 419 0210

ati2.da.gov.ph/ati-4a

rtc_calabarzon@ati.da.gov.ph

@aticalabarzon

## MGA NAISAKATUPARAN
Hulyo- Disyembre 2023

| Programa | Bilang ng Pagsasanay | Kalahok |
|---|---|---|
| Rice | 34 | 3313 |
| HVCDP | 4 | 82 |
| RCEF | 3 | 105 |
| BPP | 16 | 425 |
| PAFES | 7 | 176 |
| NUPAP | 13 | 328 |
| Corn | 5 | 102 |
| Organic Agriculture | 3 | 77 |
| Regular | 11 | 248 |
| Livestock | 10 | 633 |
| CFIDP | 27 | 1204 |
| Other Extension Services | 14 | 755 |

Kabuuang Bilang ng Pagsasanay: **147**
Kabuuang Bilang ng Kalahok: **7,448**